فلبيني

# ANG BAGONG CORONAVIRUS

## Ano ang coronavirus?

Ang mga coronavirus ay isang tipo ng mga virus na kilalang talamak ang pagkalat na nagdudulot ng mga sakit mula sa karaniwang sipon hang-gang sa nagiging sanhi ng malubhang sakit tulad ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS) at Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS).

## Ano ang bagong coronavirus?

Ang bagong coronavirus ay isang bagong pamilya ng virus na mula sa coronavirus na kung saan ay hindi pa tumama sa mga tao dati.

## Ano ang mga sintomas ng coronavirus impeksyon?

Ubo

Lagnat

Hirap sa paghinga

Mga sintomas ng sakit sa paghinga

## Maaari bang makahawa sa kapwa tao ang coronavirus?

Oo, maaaring makahawa ang virus na ito sa kapwa tao, sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnay sa taong epektado nito.

## Mayroon bang bakuna laban sa bagong coronavirus?

Wala pang bakuna para sa bagong coronavirus hanggang sa ngayon.

## Mayroon bang gamot laban sa bagong coronavirus?

Wala pang partikular na gamot para sa bagong coronavirus. Gayunpaman, marami sa mga sintomas nito ay maaaring gamutin, at samakatuwid ay nakasalalay ang paggamot sa klinikal na kondisyon ng pasyente.

فلبينــي

## Papaano maiwasan ang coronavirus?

Hugasan mabuti ang dalawang kamay ng tubig at sabon sa loob ng 20 segundo.

Huwag makihalubilo sa mga nagpapakita ng mga sintomas ng sakit sa paghinga.

Gumamit ng maskara sa ilong at bibig.

Huwag hawakan ang mga hayop.

Lumayo sa mga pagtitipon.

### Sinabi ni Propeta Muhammad (SAW):

"O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa (sakit na) pamumuti ng balat, kabaliwan, ketong, at sa anumang mga malubhang sakit." (Abu Daud 1556), tamang hadeeth ayon kay Albani.

### Sinabi ni Propeta Muhammad (SAW):

"Sinumang magsabi: Bismillahil-ladhi la yadurru ma'asmihi shay-un fil-ardi wala fis-sama-i wahuwas-sami'ul 'aleem – ng tatlong beses (sa gabi) ay hindi siya matatamaan ng kalamidad hanggang sa pag-sapit ng umaga, at sinumang magsabi nito sa umaga ng tatlong beses ay hndi siya matatamaan ng kalamidad hanggang sa pagsapit ng hapon." (Abu Daud 5090), tamang hadeeth ayon kay Albani.